

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
NEWS AND INFORMATION BUREAU

**CABINET REPORT SA TELERADYO – COVID-19 SPECIAL
HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR
AND PCOO ASSISTANT SECRETARY KRIS ABLAN
WITH GUEST VIA PHONE PATCH:**

**DEPARTMENT OF HEALTH UNDERSECRETARY MARIA ROSARIO VERGEIRE;
DEPARTMENT OF LABOR EMPLOYEMENT SECRETARY SILVESTRE BELLO III;
AND DEPARTMENT OF HEALTH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III
MARCH 27, 2020**

[VIDEO PRESENTATION]

SEC. ANDANAR: Magandang gabi, Pilipinas. Napanood ninyo po kanina ang Paliwanag at talakayan ukol sa Bayanihan to Heal as One Act kasama ang kilalang ekonomista at ngayon Albay 2nd District Representative Joey Salceda. Nandito pa rin po kayo sa Cabinet Report sa Teleradyo COVID-19 Special, kasama ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar at si Assistant Secretary Kris Ablan.

ASEC. ABLAN: Good evening po, Sec. Tayo po din ay napapakinggan ngayon sa Radyo Pilipinas Uno pati na rin napapanood sa Facebook social media pages ng PCOO, PTV at siyempre ni Secretary Martin Andanar. Ngayong gabi po, kasama po natin si Department of Health Secretary Francisco Duque para sa latest tungkol sa mga kaso ng COVID-19 sa bansa.

All right. So I think sabi po ng ating technical booth Sec. Mart, ang kasama po natin ngayong gabi ay si Health Undersecretary Rosette Vergeire. Magandang gabi po, Usec. Vergeire. Si Asec. Kris po saka si Secretary Martin.

USEC. VERGEIRE: Good evening, Asec. Good evening, Sec.

SEC. ANDANAR: Good evening po ma'am, talagang wala na hong humpay ang ating talakayan mula umaga hanggang gabi. Salamat po at Binigyan ninyo po kami ng pagkakataon na kayo'y makausap. Ngayon po ay—itong patapos na ang ikalawang linggo ng state of calamity sa buong bansa dahil sa COVID-19. Nasaan na tayo ngayon? Ano ang inyong assessment as of today for the past two weeks?

USEC. VERGEIRE: Well sir kung assessment po, 'pag binase natin sa ating mga kaso, ang mga kaso ay patuloy pa ring tumataas; ang mga pagkakamatay ay tumataas pa rin although we have recoveries for now which is totaling to 31. Pero hindi pa rin ho natin masasabi na safe tayo at hindi pa rin natin masasabi na pababa na ang mga kaso. So sa ngayon po, doon po sa mga ipinatutupad natin, nakikita po natin na mayroon pa rin hong mga gaps sa ating interventions, doon sa mga social distancing natin. Marami pa rin hong mga tao ang lumalabas ng kanilang mga bahay. So ito po iyong isa sa mga napapansin natin sa ngayon para siguro ma-evaluate natin, makita natin kung paano pa natin mas mapapatupad ang ating social distancing measures.

SEC. ANDANAR: All right. Marami ang lumalabas pa rin ng kanilang mga tahanan defeating the purpose of this enhanced community quarantine. Exactly the reason why we're doing this is because we want to contain this disease, at the same time sabi nga ng WHO, it gives us a little window to prepare in the eventuality na kapag tinesting itong mga mayroong sintomas ay kumpleto tayo sa mga testers in the first place.

Now speaking of testing kits, kumusta na po ang supply natin Usec. Vergeire?

USEC. VERGEIRE: Yes. Ang ating testing kits sir ay isa-isa nang dumating ang ating mga donasyon. We have received 100,000 from the Chinese Embassy last Saturday kung saan po pinakalap na ho natin iyan sa ating mga subnational laboratories. Binigyan ho natin ng initial na tiglilimang libo na test ang ating mga limang subnational laboratories para pag-umpisahan. Mayroon na rin po tayong mga parating na iba pang testing kits na donated by Singapore, donated by South Korea and donated also by the Jack Ma Foundation.

So sa ngayon po, we have enough testing kits para ma-test natin iyong mga dapat nating i-test and ang kagandahan po, na-extend din natin ang lab capacity natin. Hindi na lang po RITM ang nagti-test, iyong subnational laboratories po natin nag-umpisa na sila, plus mayroon pa ho tayong mga maidadagdag pa na extension laboratories like that of Western Visayas Medical Center, Bicol Public Health, iyon pong ating UP-NIH tapos mayroon po hong mga pribadong mga laboratoryo na maari na nating pag-umpisahin baka sa isang linggo.

SEC. ANDANAR: All right. Usec., kailangan nating linawin itong mga issue. Kasi alam mo Asec. Kris, marami iyong mga nagsusulat sa social media bakit hindi pinapayagan itong Company A, itong Company B na magpasok ng sarili nilang mga testing kits. Pero mayroong rason at mayroong very, very good reason kung bakit hindi basta-basta ay puwedeng tumanggap or payagan iyong mga testing kits o mga laboratories.

Now, if you can explain it to us again Usec. Vergeire para po sa kaalaman ng ating mga mamamayan na nakikinig po nitong ating programang Cabinet Report.

USEC. VERGEIRE: Yes sir, thank you po. Alam ninyo po sa isang bansa, mayroon ho tayong regulatory measures para sa mga ipinapasok na mga produkto o 'di kaya para sa mga itinatayo na mga facilities for health. Ito po ay ginagawa para masiguro natin na safe po sila, na ito po ay magiging beneficial para sa ating mga kababayan at hindi po tayo magkakamali sa ating mga desisyon pangmedikal at walang mga taong magkakaroon ng risk of having poor health.

So dito po sa ating mga testing kits, kailangan po aprubado po iyan ng Food and Drug Administration. Ini-evaluate po iyan maigi para makita na makakapagbigay po ng accurate results para sa ating mga kababayan, para wala ho tayong makukuhang false negative or false positive results. Kasi 'pag nakakuha tayo ng ganiyang resulta, hindi siya accurate, maaring magkamali po tayo, pauwiin ang false negative at makapanghawa sa komunidad.

Iyon naman pong ating mga facilities, kaya po sinisiguro natin na dapat sila po ay dumaan sa ating proseso. Dahil unang-una, kailangan tandaan po ng ating mga kababayan, itong virus po na ito na ating nilalagay—na kinukuha sa ating mga kababayan na nagpapa-test, live virus po iyan,

nilalagay doon sa ating [garbled] at isang pagkakamali [garbled] ng isang [gabled] ay maaaring magkaroon ng [garbled]. Ikakalat niyan po iyang live virus na iyan sa ating mga komunidad.

So ito po iyong ating gustong ipaalala sa ating mga kababayan, hindi po tayo nag-o-oppose na magkaroon ng mas maraming testing kits. Hindi rin po tayo nag-o-oppose na mas marami tayong facilities na gumagawa nito. Ang gusto lang natin, idaan po natin sa proses para ma-ensure po natin na walang pangit na magiging outcome para sa ating community.

ASEC. ABLAN: Sec. Mart, mayroon akong nabasang balita, doon sa Spain medyo madaming pumalpak yata na mga testing kits. Usec. Vergeire, ito rin ba ang rason kung baka talaga pinag-aaralan ng Department of Health iyong mga testing kits na pumapasok para maiwasan natin iyong nangyari po sa ibang bansa?

USEC. VERGEIRE: Oo tama ka diyan Asec. ‘no. But even [garbled] ang ating bansa ay sisiguraduhin pa ring maigi na lahat ng papasok na produkto ay dadaan sa regulatory measures natin kasi nga gusto nating siguraduhin ang safety nito. Pero katulad niyan, mayroon din sa ibang bansa na nagkakaroon ng ganiyang mga experiences, lalo nating pinag-iigting ngayon ang ating pagbantay dahil nakakarinig na tayo ng ganiyan. Gusto natin ang ating mga kababayan, magkakaroon sila ng mga produkto na gagamitin na safe naman para sa kanilang kalusugan.

ASEC. ABLAN: Usec. Vergeire, dahil sinabi ninyo nga na dumadami na po ang mga subnational laboratories around the country, iyong estimated time po na ma-process ang tests po is from, let’s say 10 days, mas mabilis na po ba ngayon?

USEC. VERGEIRE: Ngayon mayroon pa rin tayong around time na 5 to 7 days dito sa RITM dahil nga sa dami noong backlog nila dahil nagka-surge of number of tests tayo noong nagkaroon ng mataas na pagpunta ng mga tao sa ating mga ospital. Pero sila ngayon ay nagtarget ng in 2 to 3 days matatapos nila iyong backlog na iyan at after those days ay magkakaroon na ng real time reporting. So ang standard processing time is 24 to 48 hours.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat po sa inyong panahon, Undersecretary Vergeire. Ma’am, magandang gabi po sa inyo.

USEC. VERGEIRE: Thank you very much po.

SEC. ANDANAR: Samantala nasa kabilang linya rin po natin si Secretary Francisco Duque. Magandang gabi po sa inyo, Sec. Pingkoy. Sec. Pingkoy? Okay balikan natin si Sec. Pingkoy, baka ready na siya in a bit.

Kinukumusta natin ang ating mga viewers Kris, si Elton Estay(?) na nanonood from KSA; also Zenzen watching from Hong Kong; si Choy Gidavin(?) watching from Davao; also Charim(?) – “Sana po maaksiyunan iyong mga complaint ng mga tao tungkol sa mga nasa gobyerno na nang-aabuso.” Iyan po talaga ay inaaksiyunan ng DILG, kaya dapat ay sumunod ho tayo sa panuntunan ng ating Inter-Agency Task Force.

ASEC. ABLAN: Opo. Ito po iyong mga namimili po na pinagbibigyan ng food packs Sec. Ito iyong reklamo ng ating mga kababayan na hindi sila residente, hindi sila botante pero—I mean residente sila, hindi sila binibigyan ng food pack. So dapat talaga magsumbong sila sa hotline ng DILG.

SEC. ANDANAR: Kasi hindi raw sila botante kaya hindi sila binibigyan ng food pack.

ASEC. ABLAN: Mali naman iyon, Sec.

SEC. ANDANAR: Mali naman iyon. Kim Navarro: “Magandang gabi po diyan, kumusta na po ang status ng mga testing kits na ginawa ng UP? FDA approved na ba?” Iyon ang itatanong natin kay Sec. Duque sana ‘pag nakapasok si Sec. Duque sa ating linya.

Robert Layla: “Dapat i-test lahat para maibukod ang may tama sa wala.” Tama ka.

Kayo pa rin po’y nanonood ng Cabinet Report sa Teleradyo – A COVID-19 Special. Kami po ay broadcasting mula po sa Radyo Pilipinas dito sa Maynila and of course we are also being watched over PTV, live; at sa lahat po ng mga social media pages ng ating mga sangay sa PCOO – nandiyan ang RP, nandiyan ang PTV, ang Presidential Communications Operations Office. Magandang gabi po sa inyong lahat, ito po si Secretary Martin Andanar.

ASEC. ABLAN: At si Assistant Secretary Kris Ablan, good evening po.

SEC. ANDANAR: All right. Mayroon tayong report ngayon, pagbibigyan natin makapasok ang isang report. Si Kathleen Forbes ay mayroong report. Kathleen...

[NEWS REPORTING]

SEC. ANDANAR: Maraming salamat, Kathleen. Dumako naman tayo ngayon sa ating isa pang report mula kay Racquel Bayan. Ano kaya ang reaksiyon ng Malacañang? Racquel, come in...

[NEWS REPORT]

SEC. ANDANAR: Maraming salamat, Racquel Bayan. Sasabihin ko sana Kris, it’s a beautiful Friday... but you can’t say that. Kasi itong pinagdaraan nating unos ngayon na marami sa atin, lalong-lalo na sa Luzon ay nasa lockdown.

ASEC. ABLAN: Yes, sir. So healthy Friday na lang.

SEC. ANDANAR: Have a healthy Friday...

ASEC. ABLAN: Safe Friday.

SEC. ANDANAR: A safe Friday. And also, perhaps a very intimate Friday with your family hindi ba iyon ang mahalaga. Sabi nga nila eh you just have to look at the brighter side kung kayo ay nasa loob ng tahanan. Day 12 ngayon Kris ‘di ba?

ASEC. ABLAN: Day 13.

SEC. ANDANAR: Day 13. So kung kayo’y nasa mga tahanan ninyo at iniisip mo ano ba itong nangyayari sa buhay natin, you just have to look at the brighter side. What is important is, well, in the middle of everything at during the past few weeks or months or years na hindi mo nakakasama iyong mga mahal mo sa buhay, you have all the time right now to catch up.

ASEC. ABLAN: Ito na iyong pagkakataon.

SEC. ANDANAR: Uhum. Ikaw Kris, ano bang ginawa mong catching up with your daughter?

ASEC. ABLAN: Yes. So kahit na walang pasok Sec., mayroon pa ring mga schoolwork iyong ating mga anak. My daughter is 10 years old, she’s Grade 4 so may mga assignment siya. So my wife and I help her out po sa kaniyang schoolwork kasi mayroon pong online class ang school niya.

SEC. ANDANAR: Ah, parehas pala tayo. Ako, nakatutok naman ako doon sa anak kong lalaki at sa babae. Buti na lang at mayroong internet, kasi kung walang internet eh siyempre mas mahihirapan makahabol.

Ituloy natin ang ating usaping COVID-19. Pero sa pagkakataong ito, ang mainit na issues sa kabuhayan ang i-tackle natin, Kris. Para po dito ay makakasama natin via Skype si Secretary Silvestre ‘Bebot’ Bello. Magandang gabi po sa inyo, Secretary.

SEC. BELLO: Hello Sec. Martin, magandang gabi po sa inyo.

SEC. ANDANAR: Magandang gabi. Sorry, kailangan kong kumalas doon sa ating IATF meeting dahil mayroon akong radio program. Alam mo naman we cannot stop informing people.

SEC. BELLO: Okay lang, nasa kanan ko naman iyong teleconference eh.

SEC. ANDANAR: [Laughs] Naririnig ko nga eh. All right. Sec Bebot, kasama ko rin si Assistant Secretary Kris Ablan.

ASEC. ABLAN: Naimbag nga rabii Secretary.

SEC. BELLO: [Dialect] Kris...

SEC. ANDANAR: Sec. Bebot, abalang-abala ang ating mga manggagawa sa kawalan ng hanap-buhay at pagkakakitaan. Kanina nga kausap ko si Congressman Joey Salceda at binanggit niya iyong mga benepisyong nitong Bayanihan to Heal as One Act kung saan 18 million ng ating mga low income households ay makakatanggap somewhere between P5,000 to P8,000.

Ngayon po ang tanong ng maraming mga kababayan natin, papaano ho ito idi-distribute, itong pera na ito, Sec.?

SEC. BELLO: Okay, thank you Sec. Martin, Kris... Ganito iyan 'no, unang-una alamin muna natin kung ano iyong mga target beneficiaries natin. We have 31.7 million beneficiaries. Ito iyong mga... from the formal sector of formal employees or/and the informal sector or informal employees. Iyong sa formal, there are about 7 million plus; sa informal, 14 million plus. And for that, we have to have a budget of 165.3 billion.

Sa ngayon Sec. Martin, na in a span of 4 days, nakapag-deliver na po kami ng 52.2 million and this benefitted 6,000 formal workers and 2,543 informal workers. We call this project, iyong BK-BK, 'Barangay Ko, Bahay Ko'. Dahil diyan, nagtatrabaho iyong mga beneficiaries pero sa loob ng bahay nila, hindi sila lumalabas dahil naka-quarantine sila. Okay.

Ang latest development Sec. Martin, mayroon nang 435,061 workers na affected, meaning na-displaced, nawalan ng trabaho as a result of this COVID-19 pandemic. Of this, 317,000plus come from the formal sector and 117,000plus come from the informal sector. Ngayon para matugunan natin ang pangangailangan ng mga workers na ito Sec. Martin and Kris, we need immediately effective April 1, 1.9 billion – almost 2 billion. Iyan ang aming kailangang-kailangang matanggap agad para matugunan natin.

SEC. ANDANAR: Okay. Itong dalawang bilyon na kailangan ninyo, ito ho ba ay kasama doon sa Bayanihan Act o labas pa ito?

SEC. BELLO: Iba iyan Martin, iyan ang mandato ng DSWD. Itong amin ay para sa mga workers lang, formal and informal. When you talk of the formal employees, we are referring to an employee that has an employment relationship with the employer. Pero iyong informal, ito iyong mga... kagaya ng mga self-employed, kagaya ng mga tricycle drivers...

SEC. ANDANAR: Uhum, vendor...

SEC. BELLO: Mga sidewalk vendors, iyong nagbebenta ng balot, iyong mga masahista, mga manikyurista, iyong mga labandera, iyan mga informal workers iyan. We have to also address their needs that is why mayroon tayong programa para sa kanila – iyong trabaho inside their own household. Hindi sila lalabas at babayaran namin sila ng minimum wage for 10 days. Initially iyan ha, initially 'yan Sec. Martin.

SEC. ANDANAR: Initially... Iba pa iyong TUPAD Program?

SEC. BELLO: That's the TUPAD Program, Sec. Martin.

SEC. ANDANAR: Ito iyong TUPAD Program, okay. It is very reassuring to know na mayroon kayong pondo para bigyan ng trabaho iyong mga informal workers o iyong mga vendor, iyong mga tricycle driver...

Now linawin lang po natin Secretary, iyong sinasabi natin na 18 million... are these 18 million workers or 18 million households?

SEC. BELLO: 18 million workers iyan, nasa formal sector iyan. Iyong 14 million, nasa informal sector iyan.

SEC. ANDANAR: So ‘pag sinabi mong 18 million workers, so it goes without saying na mayroon siyang pamilya na pinapakain?

SEC. BELLO: Oo, saka mayroon siyang employer, ito iyong mga formal workers. Oo, naka-employado ito. Ito iyong bibigyan namin ng cash assistance of P5,000. One time lang iyan Sec. Martin at we will course this through their employer. Kaya ang ginagawa namin, we ask the employer to give us the payroll. On the basis of their payroll, magbibigay kami sa kanila ng cash assistance for every employee na hindi nakakatrabaho dahil naka-quarantine.

Importante ito, I would like to take this occasion to appeal to all the employers na at the soonest possible time ay i-submit na nila iyong payroll noong kanilang mga empleyado kasi dito namin ibabase iyong ibibigay namin sa kanilang cash assistance para sa kanilang empleyado.

SEC. ANDANAR: All right. So mayroon na tayong ibibigay na between P5,000 to P8,000 na one time. Ito iyong under t Bayanihan Act at mayroon din tayong TUPAD Program, iba pa rin iyon, iyong TUPAD Program.

SEC. BELLO: Hindi. Sec. Martin, iyong TUPAD Program para sa informal workers. Iyong aming programa na cash assistance of P5,000 ay sa formal workers iyan.

SEC. ANDANAR: Okay. So mayroon tayong pang-formal, mayroon tayong informal at mayroon pa tayong Pantawid Pamilya, iba pa rin iyon.

SEC. BELLO: Sa DSWD iyon, Sec. Martin.

SEC. ANDANAR: Sa DSWD naman. So ibig sabihin, we have all of these programs para sa ating mga kababayan para masiguro na hindi sila magutom. Tama po ba?

SEC. BELLO: Tama. Tama, iyan ang primary consideration diyan, na hindi magugutom iyong ating mga kababayan; mayroon silang pera at mayroon silang pagkain.

SEC. ANDANAR: Paano po iyong ating mga OFWs?

SEC. BELLO: Iyon, isa rin iyan. I also requested for an initial ha, initial lang ito Sec. Martin. I requested for an initial amount of 1.5 billion – 300 for the purchase of food and medicine for our overseas workers in other countries na nandoon sila. Okay. Ngayon mayroon din kaming hiningi din na 700 million initially to give to our overseas workers who were dismissed or lost their job because of COVID-19

SEC. BELLO: Iyon, isa rin iyan. I also requested for an initial ha, initial lang ito Sec. Martin. I requested for an initial amount of 1.5 billion – 300 for the purchase of food and medicine for our overseas workers in other countries na nandoon sila. Okay. Ngayon mayroon din kaming hiningi din na 700 million initially to give to our overseas workers who were dismissed or lost their job

because of COVID-19. Ang initial estimate namin is 70,000 at P10,000 each, that's about 700 million.

Now in addition to giving them iyong cash assistance of 200 dollars or P10,000 Sec. Martin, we also had to spend for their repatriation, iyong mga uuwi. Ang dami nang umuwi, may nakarating na dito almost—siguro may nakarating na mga more than 1,000 and we have to pay for their repatriation, iyong kanilang ticket pauwi. Pero alam mo sinuwerte tayo, yesterday 248 of our overseas workers in Kuwait arrived at the courtesy of the Kuwaiti government. Nag-charter sila ng plane, binigay sa atin libre para sa ating overseas workers.

SEC. ANDANAR: At magkano naman ang matatanggap ng isang OFW doon sa sinasabi mong package na ibibigay ninyo? Kung ako'y isang OFW, nawalan ako ng trabaho sa Saudi, magkano po iyong matatanggap ko?

SEC. BELLO: Basta nawalan ka ng trabaho dahil sa COVID, we will give him or her 200 dollars equivalent of P10,000 Sec. Martin.

SEC. ANDANAR: Tapos puwede pang umuwi nang libre?

SEC. BELLO: Umuwi po, although so far wala pang gustong umuwi eh [laughs]. Lalo na sa Italy, sa Italy ha, ayaw umuwi.

SEC. ANDANAR: So linawin natin, puwede umuwi. Libre iyon ha, iyong repatriation libre?

SEC. BELLO: Libre po, opo.

SEC. ANDANAR: Asec. Kris, do you have any question?

ASEC. ABLAN: Hindi. Masaya lang ako Sec. Mart dahil sinagot po ni Secretary Bello ang lahat ng puwede kong itanong sa kaniya kasi there is no stone unturned 'no under the DOLE dahil lahat po ng mga workers natin, siyempre 'pag government, kakasabi lang po na mayroon po tayong suweldo para sa kanila. And then sabi po ni Sec. Bello kanina, mayroon din po tayong assistance sa mga pribadong sektor na empleyado. And then informal workers also, mayroon po silang TUPAD and then gaya ng sinabi ni Secretary Bello kanina, pati mga OFWs natin makakatanggap. So all stone is no left unturned.

So Secretary. Bello, mayroon po tayong isang OFW po na si Ms. Jenalyn Nambatac(?) from Dubai na na-stranded sa Clark po. Ano po ang maaring magawa po ng DOLE para matulungan ang ating kababayan na na-stranded po sa Clark?

SEC. ANDANAR: I think on the line ngayon si Jenalyn. Jenalyn, please come in.

MS. JENALYN: Hello po, good evening po.

SEC. ANDANAR: Okay. Mapalad tayo at kasama natin si Secretary Bebot Bello. Ano po iyong inyong gustong panawagan o iparating sa kaniya?

MS. JENALYN: Gusto ko lang pong iparating kay Secretary Bello na if possible na matulungan niya kami dito. Kasi pito po kami na OFW na na-stranded po mula po noong March 14 at saka nagrerenta po kami dito sa DECA Clark. Bale ilang days na po kami dito tapos may kamahalan po iyong renta, tapos iyong pagkain din po.

SEC. ANDANAR: Okay, Sec. Bebot...

SEC. BELLO: Thank you Jenalyn, mabuti pinarating mo sa akin iyan. Dapat hindi ka nagbabayad diyan, sagot iyan ng OWWA. At saka iyong ano—oo mabuti nasabi mo sa akin iyan, maya-maya kausapin ko si Administrator Cacdac ng OWWA. I'll ask him to fetch you and bring you to your destination. Iyan ayon sa task force Jenalyn, hindi kayo puwedeng hintuin sa kahit anong lugar, kung saan ninyo gustong pumunta. Mayroon kayong sasakyan galing sa OWWA at bibigyan din kayo ng financial assistance ni Administrator Cacdac.

SEC. ANDANAR: All right Jenalyn, huwag mong ibababa iyong telepono para makuha iyong detalye, number mo; makuha iyong inyong address diyan at para matawagan kayo ni Admin Cacdac ng OWWA, okay?

MS. JENALYN: Okay po.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat Jenalyn, mabuhay ka.

MS. JENALYN: Salamat din po.

SEC. ANDANAR: Do you have any other questions for Sec. Bebot, Kris?

ASEC. ABLAN: Yes. Sec. Bebot, nasagot po natin iyong tulong na mabibigay po ng DOLE sa mga workers natin. Paano naman po ang ating mga health workers, iyong mga frontliners po natin? Anong uri ng tulong ang maibibigay ng gobyerno sa kanila?

SEC. BELLO: Well actually Kris 'no, iyong mga government employees, iyon nga ang pinag-usapan namin kanina sa Inter-Agency Task Force kasi may utos ang ating Pangulo na iyong ating mga government employees, 'pag pumasok, they are entitled to a hazard pay of P500 per day.

ASEC. ABLAN: Dagdag po.

SEC. BELLO: Opo. pero itong mga private sector employees natin eh parang wala, that is why I asked the Inter-Agency Task Force to support my recommendation na kung maaari, even iyong mga private sector employees na pumapasok lalong-lalo na iyong mga nurses natin, iyong mga medical workers natin, iyong mga doctors natin... ang daming mga private hospitals. I think they should be given also hazard pay. Kaya lang tinanong sa akin, sino magbabayad. Sabi ko, ang recommendation ko kasi hindi makakayanan ng employers nila iyan, so ang recommendation ko ay ang gobyerno. But this has to be coursed through the Department of Finance para pag-aralan nila, pati Department of Budget and Management pag-aralan nila and then make the recommendation to the President.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat po sa inyong panahon Secretary Bebot Bello ng DOLE. Mabuhay po kayo, sir.

SEC. BELLO: Salamat din, Sec. Martin. Usec. Kris, thank you. Thank you again.

SEC. ANDANAR: Nasa linya rin po ng ating telepono si Secretary Francisco Duque ng Department of Health. Magandang gabi po sa inyo, Sec.

SEC. DUQUE: Magandang gabi sa iyo, Sec. Martin and Asec. Kris at sa lahat po ng inyong mga tagasubaybay.

SEC. ANDANAR: Magkasama tayo kanina sa IATF doing a video-conferencing but I had to go ahead because of this program. Balitaan mo kami Sec., ano bang update diyan sa IATF? Ano ba iyong aasahan ng publiko sa susunod na mga araw?

SEC. DUQUE: Well alam natin Sec. Martin iyong napasang panukala na ‘antayin lamang iyong signature ni Presidente, iyong Heal as One Act ‘no. At dito iyong 275 billion budget, iyong 275 billion ang bahagi nito mapupunta para sa mga health response to COVID-19 na kasama din ang mga ayuda para sa ating mga healthcare workers ‘no. Katulad noong kapag magkasakit halimbawa iyong healthcare worker ay mabibigyan sila ng P100,000 pangastos sa kanilang mabigat na karamdaman. At sa ibabaw ito ng PhilHealth na sasagutin naman ang kanilang pagpapaospital.

At ganoon din, sa usapin na yamang tao ay binigyan ang mga namatayan na mga pamilya, iyong kanilang mga healthworkers ng 1 million pesos para tulong sa kanilang pamilyang naulila.

SEC. ANDANAR: All right. I-clarify po natin Sec. Pingkoy. Itong 100,000 is this for public healthworkers or kasama po ba iyong private sector?

SEC. DUQUE: Ah hindi, ito iyong mga public health workers lang dahil ito ay walang provision doon sa batas na puwede ring ibahagi itong benepisyong ito sa pribadong sektor. Alam ninyo naman sa gobyerno, minsan ay may mga COA restrictions tayo kaya ating nilimitahan muna sa public sector ang ganitong ayuda.

SEC. ANDANAR: Alam mo Secretary Pingkoy, unfortunately kahit na nasa gitna tayo ng unos, isang krisis na ngayon lang natin pinagdaanan itong COVID-19. Pero it’s very noisy out there, social media napakaingay—

ASEC. ABLAN: Ang daming fake news.

SEC. ANDANAR: Ang daming fake news, ang daming espesyalista, ang daming doktor na ngayon. Isa diyan iyong mga nagpa-panic at pina-panic iyong tao at sinasabi kulang iyong ating testing kits bagama’t mayroon tayong 100,000plus na. At nagsasabi na, “Eh kailangan aprubahan nating itong mga testing kits na ito,” left and right, etcetera, laboratories testing centers... Can you give our public assurance na kayang-kaya ito ng Department of Health at ginagawa na lahat,

nakaplano na ito, nakalatag na; and what you are doing is just making sure na maayos ang pag-implement nito, Secretary Duque?

SEC. DUQUE: Tumpak iyong sinabi ninyo at talagang nakalatag na itong mga ito, at tayo nga ay sumulat sa Chinese Embassy, nakiusap ang ating Pangulo na padalahan tayo ng karagdagang testing kits ‘no. Kaya nagpadala sila noong Sabado ng 100,000 testing kits’ no, so malaking tulong ito sa atin para makapagsuri tayo ng mga throat swab and nose swab ano.

So ito kasi ang bukod-tanging pamamaraan na makilala kung may virus, may COVID virus ang isang tao o wala. Iyon kasing mga ibang namimilit ay gustong gamitin iyong antibody testing na maraming lumilikha pero ngayon ay naririnig natin may mga bansa na gumagamit nito pero tinigil na nila dahil mukhang hindi maasahan. Mukhang iyong mga resulta ay kuwestiyonable.

So iyong ating testing method, iyong gold standard pa rin, iyong tinatawag nating real time PCR na ang sinusukat dito ay iyong virus. Hindi nga tulad doon sa isa, ang sinusukat iyong antibodies doon sa virus na rapid test ‘no. So mukhang ibinabalik na noong mga bansa sa China iyong antibody testing na iyon. Kaya sana ay makapagbasa din iyong mga nagpupumilit na gamitin natin itong rapid test na ito using the antibody testing system.

Pero ganoon pa man, napalawig na rin natin ang ating testing capacity kasama na ang Southern Philippines Medical Center Lab, iyong atin pong Vicente Sotto sa Cebu at iyong San Lazaro Hospital ay pinalawig din natin ang kakayahan dito; ang Baguio General Hospital Center at siyempre ang RITM diyan sa may Alabang. Tapos ang Lung Center of the Philippines naman hopefully early next week ma-accredit na rin ang laboratory ng Lung Center of the Philippines.

At mayroon din tayong mga in-assess na mga private laboratories katulad ng St. Lukes QC and BGC, ang V. Luna Medical Center, ang Medical City, ang Philippine Red Cross... itong mga ito ay uumpisahan nang suriin at siguraduhing compliant sila sa biosafety lab standard. Dahil dapat intindihin ng atin pong mga kababayan, live viruses itong pinaghahawakan nito so hindi pupuwedeng basta-bastang laboratoryo lamang ang magsusuri ng mga specimen at dapat nakasisiguro na itong mga laboratory na ito ay angkop sa biosafety laboratory standards 2, para nang sa ganoon ay ligtas ang atin pong mga laboratory technician. Kasi kung hindi, puwedeng magkaroon ng epidemya doon sa laboratory at puwedeng kumalat din sa mga komunidad—na karatig na mga komunidad.

Kaya talagang ito ay, sabihin man nila na napakatagal ng DOH, ang hirap-hirap ganoon... ay hindi natin puwedeng ipagpalit ang kaligtasan ng ating mga technicians sa pangangailangan na madaliin lahat. Eh hindi makukuha sa pagmamadali, ika nga haze makes waste. Pero tutulungan namin ang mga laboratoryo na may kakapusan sa pagpapalawig ng kanilang testing capacity.

ASEC. ABLAN: Sec. Duque, si Asec. Kris po. Alam po natin sa ilalim po ng Bayanihan to Heal as One Act, maaari na pong makapag-realign ng budget ang gobyerno. So iyong mga ospital po natin, mabibilhan po natin sila ng mga PPEs at saka kung ano pang mga equipment. Iyong mga private hospitals po, mayroon po bang tulong na maibibigay ang Department of Health, Secretary Duque?

SEC. DUQUE: Mayroon naman iyan. Pagdating noong ating PPEs, um-order tayo ng mga 1.8 billion pesos worth of PPEs. Mayroon pang natitirang mga 225 million at itong perang ito ay para sa personal protective equipment na mga isang milyong PPEs. At kapag dumating ito ay matapos natin mabigyan ang ating mga healthworkers sa public facilities, ay puwede rin tayong umayuda sa mga private hospitals na humihingi din ng PPEs.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat po sa inyong panahon, Secretary Francisco Duque. Sir Pingkoy, mabuhay po kayo.

SEC. DUQUE: Maraming salamat po Sec. Martin at Asec. Kris, sa inyong napakamahusay na programa. Maraming salamat po.

SEC. ANDANAR: Magandang gabi po. At ito po ang programang Cabinet Report sa Teleradyo, a COVID-19 Special. Salamat po sa mga naka-hookup dito sa Radyo Pilipinas partikular ang PTV at ang ating mga social media pages sa PCOO. At starting Monday, abangan po natin iyong bagong programa dito po sa Radyo Pilipinas, ito po iyong Network Briefing – alas otso hanggang alas nuwebe ng umaga. Kris, this is about briefing the different media network in the provinces tungkol sa COVID-19 dahil we also need to reach out and communicate to our kababayans in the different regions.

ASEC. ABLAN: Tuloy pa rin po ang Laging Handa Public Briefing ng 11?

SEC. ANDANAR: Tuloy pa rin. Itong bagong programa na Network Briefing, ito ay sa Radyo Pilipinas in partnership with the Philippine Information Agency at kasama po ang Philippine News Agency. At pagpatak naman ng alas onse ng umaga hanggang alas dose ng tanghali ay mayroon tayong Public Briefing Laging Handa. Ito po iyong ating programa na kung saan nakakausap natin lahat ng ating mga public officials, kung mayroong mga tanong about DILG, about Department of Health; kung mayroong mga tanong about DSWD.

At ang kagandahan ng programang ito ay bukod sa PIA, nandiyan din po ang Philippine News Agency, nandiyan din po iyong Bureau of Communications Services, Radyo Pilipinas of course naka-simulcast at kasama rin natin dito ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas. So naka-hookup sila dito, Kris.

Kami po’y pansamantalang magpapaalam ni Asec. Kris Ablan. Ito po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar.

ASEC. ABLAN: Maraming, maraming salamat po sa ating mga healthworkers.

SEC. ANDANAR: Medical workers and frontliners sa lahat ng ospital whether private or public hospital, maraming salamat po sa inyong sakripisyo. Iyong mga frontliners din na mga pulis, mga mediamen... ang daming frontliners, mga security guards...

ASEC. ABLAN: Mga barangay tanod, Sec.

SEC. ANDANAR: Barangay tanods, oo. Nandito po kami para sa pagsuporta, to give you moral support at nandito po iyong inyong Presidential Communications Operations Office para bigyan po kayo ng suporta sa pamamagitan ng ating radyo at TV broadcasting. Maraming salamat po at mabuhay po kayo and have a great weekend everybody. Stay healthy...

ASEC. ABLAN: Stay strong, stay safe.

SEC. ANDANAR: Stay strong, stay safe and enjoy the time with your family.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)